

Kami ay humihiling na muling bigyan ng pansin ang BATAS SA IMMIGRATION!

Taong 2020 ay gaganapin ang TOKYO OLYMPIC • PARALYMPIC(OLYMPIC PARA SA MGA MAY KAPANSANAN) at nag uumpisa na ang paghahanda para dito,subalit ang mga naninirahang mga dayuhan sa bansang ito ay pinupwersa sa mabigat na responsibilidad at mahigpit na pamamahala ng sistema ng paninirahan dito(new residency management system)

July 9,2012 ay nag umpisa ang panibagong sistema ukol sa pamamahala ng paninirahan dito o ang new residency management system.Nag umpisa ang bagong sistema ang [residence card],[certification of permanent residence] ngunit ang mga penalty law dati sa “alien registration law” ay hindi nagbago at ang immigration control ay nalipat sa refugee recognition act.Ang residence card ay tungkuling dalahin lagi kapag lumabag sa batas ay magmumulta ng mahigit kumulang na 20 kalapad(200000 yen)ganun din sa certification of residence card,kapag lumabag sa batas ay maaring makasuhan ng 1 taong na mapiit sa kulungan o magmula ng 20 kalapad(200000 yen).Pagkatapos maumpisahan ang bagong sistema ay may pahayag na ang hindi nagdala ng residence card ay mahigpit na inimbistigahan may pahayag din na ito ay kinuhatan ng fingerprint at DNA.

Ang mga dayuhan na may status na Japanese spouse at spouse of permanent residence{kapag ang status ng dayuhan ay status of spouse} ay hindi ginampanan ang tungkulin bilang asawa ng 6 na buwan,kapag hindi nagreport na nagbago ng tirahan sa loob ng 90 na araw ay maaring mapapawalang bisa ang status nito ng MINISTRY OF JUSTICE.Ayon sa pahayag ng MINISTRY OF JUSTICE 49 case na tinanggalan ng spouse visa kabilang dito ang mga babaeng biktima ng domestic violence ayon sa pag iimbistiga ng civilian organization.Kami ay tumututol sa pagpapawalang bisa ng residence status subalit ang gobyerno ay binago ang tawag dito at ito ay tinawag na “measuring of imitation residents ” at lumalawak ang pagsasagawa ng pag aalis ng visa status at ipinasa ang pagmumungkahi ng pagwawasto sa kongreso.

At ang mga walang residence status,undocuments residents ay inalis mula sa residence register sa lugar na tinitirahan ng mga ito at ang mga karapatan para mamuhay gaya ng pagpapanatili ng kalusugan,trabaho at ang mga serbisyo ng gobyerno para sa edukasyon ay hindi sinagot o ginarantyaan na nagdulot ng mabigat na katotohanan.

Ang pagpapatibay ng foreign control na nakakapinsala,taong 2009 simula ng ipasa ito sa panukalang batas ay maraming agam agam ang ipinahayag dito.

Ang karagdagang alituntunin ng immigration law sa ARTICLE 61 ang estado ng kakayahan sa pagkuha sa konsiderasyon ay isasagawa sa loob ng 3 taon ng gobyerno at kung kinakailangan ang patakaran ng batas , ang mga kinakailangang hakbang sa pagsisiyasat o pagsusuri ay pag isipan ayon sa alituntunin ng batas .

Sa darating na JULY,2015 ay ikatatlong taon mula ng mag umpisa ang bagong sistema sa pamamahala ng residence o ng paninirahan (new residency management system) lubos naming hinihiling sa gobyerno na baguhin ang mga ito,lalo na ang mga nakasulat sa ibaba.

1. Ihinto ang sistemang pag aalis ng status of residence.
2. Ihinto ang pagdadala lagi ng residence card.
3. Ihinto ang submit penalty report.

2015. 6. 1

Solidarity Network with Migrants Japan (SMJ)
Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People
on the Move (JCaRM)
National Christian Coalition for Basic Law on Foreign Residents (Gaikikyo)

<http://repacp.org/aacp/changelmmigrationControl/index.php>